REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 51

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG PAGBIBIGAY NG PANGGASTOS (ALLOWANCE) PARA SA TRANSPORTASYON AT PAKIKIPAGKINATAWAN (REPRESENTATION) SA MGA PINUNO NG TANGGAPAN NA SINA G. RAUL CORRO BILANG KALIHIM NG SANGGUNIANG BAYAN, DR. VIRGILIO ABAD, BILANG PINUNO NG KALUSUGANG PAMBAYAN AT G. FRANCISCO OCA, BILANG PINUNO NG PANGKAT NG PAMBAYANG KALIGTASAN SA HALAGANG PITONG DAAN AT DALAWAMPUNG PISO (₱720) SA BAWAT ISINASAAD NA PAGKAKAGASTUSAN; GNG. LUZ MARCELO BILANG PANGALAWANG PINUNONG TASADOR PAMBAYAN AT Bb. ANICIA ARCIAGA BILANG PANGALAWANG PINUNO NG TANGGAPAN NG MGA KAWANI SA HALAGANG ANIM NA DAAN AT APATNAPUNG PISO (₱640) SA BAWAT ISINASAAD NA PAGKAKAGASTUSAN.

---

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng ganitong panggastos (allowance) sa mga nabanggit na naglilingkod sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay lubhang kailangan sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin at pananagutan na haharapin sa bawat gawain;

SAPAGKAT, napagpasiyahan ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na ibigay sa kanila (mga pinuno at pangalawang pinuno na isinasaad sa itaas) ang panggastos (allowance) na ito at bilang pagsunod na rin sa isinasaad ng Memorandum Circular Bilang 52 ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na ibigay ang halagang panggastos sa halagang PITONG DAAN AT DALAWAMPU (₱720) para sa Pinuno ng Tanggapan at ANIM NA DAAN AT APATNAPUNG PISO (₱640) para sa Pangalawang Pinuno ng Tanggapan sa bawat pagkakagastusan sa transportasyon at pakikipagkinatawan.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pangtatlumpung (30th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-26 ng Septiyembre, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Septiyembre 26, 1988